Pangalan: ____________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: _______________ Petsa Nang Natapos: ______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Pagpapahayag ng Reaksiyon o Opinyon**

**I. PANUTO:** Unawain ang bawat tanong at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang opinyon ay tumutukoy sa ________.
   - a. pansariling pananaw
   - b. positibong pananaw
   - c. negatibong pananaw
   - d. maramihang pananaw

2. Ano ang katangian ng mga salitang ginagamit sa pagbibigay ng reaksiyon o opinyon?
   - a. Magagaspang
   - b. Magagalang
   - c. Nanggigigil
   - d. Nakalilit

3. Ito ang katangiang dapat taglayin ng opinyon upang maituring na kapanipaniwala.
   - a. Makabago
   - b. Napakarami
   - c. Kulang
   - d. Buo

4. Ito ang katangiang dapat taglayin ng isang taong nagbibigay ng reaksiyon o opinyon.
   - a. Magalang
   - b. Mainipin
   - c. Matanong
   - d. Maligalig

5. Ito ang kadalasang ginagawa ng isang taong nagbibigay ng reaksiyon o opinyon.
   - a. Nagbabahagi
   - b. Nanghihingi
   - c. Nagmamakaawa
   - d. Naglilihim

6. Alin sa sumusunod na pahayag ang naglalaman ng opinyon?
   - a. Ang pagsusuot ng face mask at face shield ay patuloy na ipinatutupad ng pamahalaan.
   - b. Araw-araw ay nasa balita ang isyu tungkol sa pagdating ng mga bakuna sa Pilipinas.
   - c. Sa tingin ko ay marami sa mamamayan ang nais magpaturok ng bakuna laban sa COVID-19.
   - d. Sa susunod na buwan ay inaasahang darating ang mga bakuna sa Pilipinas ayon sa balita.

7. Kung ikaw ay sumasalungat, alin sa sumusunod ang nagpapakita ng responsableng pagbibigay ng reaksiyon o opinyon?
   - a. Mali ang sinabi mo!
   - b. Mawalang-galang na, subalit maling-mali at hindi magiging tama ang sinabi mo kahit kailan.
   - c. Mawalang-galang na, subalit ito po ang pinaniniwalaan kong tama at hindi ako magkakamali.
   - d. Mawalang-galang na, pero ito po kasi ang aking pinaniniwalaan sa usapin na iyan.

**II. PANUTO:** Basahin at unawain ang talata mula sa isang sanaysay at bilugan ang titik ng tamang sagot.

**Banta ng Tag-init**

Namataan ng mga kinauukulan sa isang lungsod sa rehiyong Katagalugan noong huling linggo ng Abril 2018 ang tuyot na tuyot na lupang sakahan, palatandaang nararanasan na ang panganib ng “heatwave” na kasalukuyang nagbabanta hindi lamang sa mga lalawigan sa ating bansa o sa Asya kundi maging sa buong mundo.

Nababahala ang mga awtoridad sa taas ng temperatura na nararanasan sa buong bansa. Ito ay pinangangambahang magbibigay ng banta sa kalusugan ng mga mamamayan at maging sa kaligtasan ng ating kapaligiran.

8. Ano ang reaksiyong ipinakita ng mga kinauukulan sa ikalawang talata?
   - a. Nababahala
   - b. Natutuwa
   - c. Nagagalit
   - d. Nasasabik

9. Alin sa sumusunod na pahayag ang nagsasaad ng opinyon?
   - a. Nakakapangamba para sa kalusugan at kapaligiran ang pagtaas ng temperatura.
   - b. Namataan ng mga kinauukulan ang pagtaas ng temperatura.
   - c. Naranasan ang tagtuyot noong Abril 2018.
   - d. Nararanasan na ngayon ang matinding init.

10. Ano ang pinakaangkop na reaksiyon sa talatang binasa?
    - a. Matatakot at hindi na lalabas.
    - b. Maiinis at lalakasan ang paggamit ng bentilador.
    - c. Mamasyal sa mall.
    - d. Magtitipid sa paggamit ng tubig.